

ST. MARTIN COOP
Helping Uplift Lives, Building Communities
# SANDIWA
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG ST. MARTIN OF TOURS CREDIT AND DEVELOPMENT COOPERATIVE
Enero - Disyembre 2024 BOCAUE, BULACAN TOMO XXVII Blg. 1

# St. Martin Coop, kumita ng P270.246 M sa 2024




Umabot sa P270.246 M ang Gross Receipts ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa taong 2024. Ang kabuuang assets ay naitala sa P2.836 bilyon, na tumaas ng P83.033 milyon kumpara noong nakaraang taon.

ni Nenita Ignacio

Umabot sa P270.246 milyon ang kabuuang kita ng St Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa taong 2024, na nagpapakita ng pagtaas na 8.00% o P19.334 milyon kumpara sa nakaraang taon.

Ang mga aktibidad sa Pag-iimpok at Pagpapautang ay nag-ambag ng P204.345 milyon, habang ang mga pamumuhunan ay nag bigay ng P65.900 milyon.

Ang iba pang kita ay nagtala ng malaking pagtaas na P8.842 milyon, katumbas ng 127.38%.

Ang paglaking ito ay dahil sa koleksyon ng early payment charges, kita sa paupahang espasyo ng Kooperatiba sa BAliuag, dibidendo mula sa CLIMBS, at forfeited na Balik-Tangkilik.

Nanatiling matatag ang pinagmumulan ng pondo, kung saan patuloy na tumataas ang mga deposito na umabot sa P1.748 bilyon sa kabila ng matinding kumpetisyon sa interest rates sa mercado.

Ang pagtaas na P7.534 milyon sa kabuuang deposito ay patunay sa matibay na reputasyon ng kooperatiba bilang isang institusyong pinansyal at sa patuloy na tiwala at suporta ng mga miyembro nito.

Samantala, ang kabuuang Share Capital ay naitala sa P648.309 milyon, na may 5.57% na pagtaas o katumbas ng P34.203milyon. Ang pagtaas sa Share Capital ay bunga ng mas masig-

*(sundan sa pahina 7)*

# St. Martin Coop, *Aurora Awardee*

Kinilala ng National Confederation of Cooperatives (NATCCO) Network ang St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative bilang isa sa mga Aurora Awardees sa ginanap na 1st NATCCO Aurora Awards and Gala Night noong Oktubre 5, 2024 sa City of Dreams Manila sa Parañaque City.

Tinanggap ng St. Martin Coop ang “Services Patron Champion Award” at “Administrative Efficiency Award” bilang pagkilala sa dedikasyon ng STMCDC na epektibong magamit ang mga resources nito upang mapamahalaan ng maayos ang pagpapatakbo nito upang makamit ang kanyang mga layunin ganun din sa patuloy na pagtangkilik ng mga produkto at serbisyo ng NATCCO.

Tinanggap nina BOD Vice Chairperson Pinky Claudio, Director Soledad Cabangis, at Pulong Buhangin Branch Manager Angelina Geronimo ang pagkilala.

Iniaalay ng St. Martin Coop ang mga pagkilalang ito sa lahat ng mga ka-may-ari nito.




Ang dalawang pagkilala na natanggap ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative mula sa National Confederation of Cooperatives (NATCCO) Network sa 1st NATCCO Aurora Awards and Gala Night noong October 5, 2024 sa City of Dreams sa Parañaque City. Tinanggap nina BOD Vice Chairperson Pinky Cludio, BOD Atty. Soledad Cabangis, at Pulong Buhangin Branch Manager Angelina Geronimo ang mga parangal.







Kasama sina BOD Chairman Herminda Z. Valeriano, CEO Serafin Celestino, Jr. Coop-NATCCO Partylist Project Manager Arnulfo "Noy" Murro at Congressional Staff Benjie Galangin sa turnover ng Multi-Purpose Building sa Poblacion, Bocaue, Bulacan noong Nobyembre 26, 2024 .

Sabay-sabay nilang pinirmahan ang dokumento ng pagpapatunay ng turnover ng naturang proyekto.

# Multipurpose Building ng Poblacion, na-renovate sa tulong ng Coop-NATCCO Partylist, SMTCDC

Gamit ang pondong nagmula sa Coop-NATCCO Partylist, naipaayos ng SMTCDC ang Multi-Purpose Building ng Poblacion, Bocaue, Bulacan sa kahilingan na rin ng Punong-barangay nito na si Kap. Ronnie Santos.

Ang Turnover Ceremony ng kanilang bagong-ayos na Multipurpose Building ay isinagawa noong Nobyembre 26, 2024 sa Barangay Hall.

Ang proyektong ito ay naisakatuparan sa tulong ng Coop-NATCCO Partylist kaisa ang St. Martin Coop.

Dinaluhan ang seremonyang ito ng mga Board of Directors (BOD) Chairperson Herminda "Mimi" Valeriano, CEO Serafin "JonJon" Celestino Jr., Coop-NATCCO Partylist Project Manager Arnulfo "Noy" Murro, Congressional Staff Benjie Galangin, at ilang empleyado ng St. Martin Coop.

Mainit silang tinanggap ni Barangay Captain Ronald Santos at ng mga residente ng nasabing barangay, kung saan sila ay nagpa-abot ng taos-pusong pasasalamat sa walang sawang suporta ng St. Martin Coop.

Sa kanilang mga mensahe, binigyang-diin nina Chairperson Mimi, CEO JonJon, at Project Manager Noy ang matibay nilang pangako na patuloy na susuportahan ang mga proyektong nagtataguyod sa pagpapaunlad ng komunidad.

Ang Coop NATCCO Partylist ang isa sa mga kinatawan ng mga kooperatiba sa Kongreso na nagsusulong ng kapakanan at interes ng mga kooperatiba sa bansa.

# 15 pagsasanay, isinagawa ng BDC ng SMTCDC

ni Mary Ann F. Agustin

May kabuuang 15 pagsasanay ang naisagawa ng Business Development Center ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative sa taong 2024.

Nakipag-partner ang BDC sa iba't-ibang institusyon kabilang ang TESDA, Municipal Agriculture, PESO, at iba pang sangay ng gobyerno upang makakuha ng mga sertipikadong tagapagsanay na nagsilbing gabay upang ituro ang mga modernong pamamaraan sa iba't ibang larangan.

Ilan sa mga pagsasanay na naisagawa ay ang Food Processing, Good Agricultural Practices, Body Wellness, Pastry, Cheese Pimiento, Peanut Butter, and Coco Jam Processing, Flower and Baloon Arrangement, Foot Spa and Hand Spa, Appliances Repair Training, Candle Making, at Beauty Care Training.

May kabuuang 706 na mga miyembro at di pa miyembro ng St. Martin Coop ang dumalo at nakinabang sa mga pagsasanay na ito na isinagawa sa iba't-ibang sangay ng SMTCDC kung saan 500 ang kababaihan at 206 naman ang kalalakihan.

Maraming miyembro ang nagbahagi ng kanilang tagumpay sa pagtatayo ng sariling negosyo, pagpapalago ng kanilang mga kita, at pag-unlad ng kanilang personal at propesyonal na buhay.

Dahil sa mga idinaos na pagsasanay, may mga kalahok na nagpasyang magpamiyembro sa St. Martin Coop.

Patuloy ang BDC na nakikipag-ugnayan sa mga dumalo ng pagsasanay upang malaman kung ano pa ang kanilang kailangan para masimulan ang kanilang negosyo.

Nag-aalok din ang BDC ng Tulong Kabuhayan Loan sa mga kalahok ng pagsasanay, libreng promosyon o pag-a-advertise ng kanilang negosyo, linkages, at marami pang iba.

Ang walang sawang suporta at dedikasyon ng mga kalahok sa pagsasanay, kasama ang mga ibat-ibang institusyon, ang tunay na susi sa tagumpay tungo sa maunlad na buhay. Patunay lamang ito na marami ang gustong matuto at umasenso katuwang ang SMTCDC.

| No. | Pagsasanay | No. | Babae | Lalaki | Araw ng Pagsasanay | Lokasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Food Processing (Dumpling, longganisa making) | 58 | 50 | 8 | Pebrero 24, 2024 | Bgy. Malhacan, Meycauayan, Bul. |
| 2 | Good Agricultural Practices | 65 | 25 | 40 | Marso 15, 2024 | Single level Multipurpose Hall, Sta. Rita Old, San Miguel, Bul. |
| 3 | Body Wellness (Back Massage, Foot and Hand Spa) | 50 | 33 | 17 | Marso 23, 2024 | Gregorio's events Place, SJDM |
| 4 | Food Processing (Butchi and Empanada Making) | 41 | 36 | 5 | Mayo 25, 2024 | Bgy. Kapitan Pepe, Covered Court, Cabanatuan City |
| 5 | Pastry (Banana Cupcakes and Brownies Making) | 35 | 34 | 1 | Hunyo 01, 2024 | Multipurpose Gym Centro I, Orani, Bataan |
| 6 | Food Processing (Skinless, Tocino and Ham) | 33 | 28 | 5 | Hunyo 15, 2024 | Activity Center Bunlo, Bocaue, Bul. |
| 7 | Cheese Pimiento, Peanut Butter and Coco Jam | 61 | 3 | 58 | Hunyo 29, 2024 | Umali Gym Municipal Hall, guimba, Nueva Ecija |
| 8 | Food Processing (Siomai, Dumplings and Longganisa) | 40 | 38 | 2 | Hulyo 27, 2024 | St. Martin Coop Baliuag Branch |
| 9 | Pastry (Banana Cupcakes and Brownies Making) | 50 | 48 | 2 | Agosto 17, 2024 | Activity Center Bunlo, Bocaue, Bul. |
| 10 | Flower and Balloon Arrangement | 58 | 57 | 1 | Agosto 31, 2024 | Pulong Buhangin Bgy. Hall, Sta. Maria, Bul. |
| 11 | Foot Spa and Hand Spa - for Solo Parents | 31 | 27 | 4 | Setyembre 07, 2024 | Activity Center Bunlo, Bocaue, Bul. |
| 12 | Food Processing (Siomai, Dumplings and Longganisa) | 31 | 28 | 3 | Setyembre 14, 2024 | Covered Court, Cruz, Guiguinto |
| 13 | Appliances Repair Training - Male Participants | 21 | 3 | 18 | Setyembre 27-28, 2024 | Activity Center Bunlo, Bocaue, Bul. |
| 14 | Candle Making | 88 | 48 | 40 | Oktubre 05, 2024 | Fortunato F. Halili National Agricultural School |
| 15 | Beauty Care Training (Hair Cut and Hair Treatment) | 44 | 42 | 2 | Oktubre 12, 2024 | Activity Center Bunlo, Bocaue, Bul. |
| KABUUAN | | 706 | 500 | 206 | | |



Ang talaan ng mga pagsasanay na isinagawa ng Business Development Center ng SMTCDC at ilang mga kalahok sa isinagawang training,

# 54th General Assembly, idinaos ng SMTCDC

ni Allan Eugine Baiza

**Idinaos ng St. Martin Coop ang kanyang ika-54 General Assembly Meeting noong Mayo 18, 2024 para sa nasabing taon.**

Sa pambungad na talumpati ni CEO Serafin Celestino Jr., binigyang-diin niya ang tema ng pagtitipon na "Every Member Counts: Growing, Achieving, Succeeding."

Ipinaliwanag niya kung paano sinasalamin ng temang ito ang mga pangunahing halaga ng kooperatiba, na nagbibigay-diin na ang samasamang pagsusumikap ng bawat miyembro ay para sa tagumpay ng organisasyon. Ang natatanging kontribusyon, dedikasyon, suporta, at patuloy na pagtangkilik ng mga miyembro ang nagsisilbing lakas ng St. Martin Coop upang makamit ang mga kahanga-hangang tagumpay.

Pinasinayaan ang pagtitipon ng isang espesyal na pagbati mula kay Bocaue Mayor, Kagalang-galang Eduardo "Jonjon" Villanueva Jr., na ipinaabot sa pamamagitan ni Konsehal Mirasol Bautista, pinuno ng Komite ng Kalakalan, Industriya, at Kooperatiba ng Konseho ng Bayan ng Bocaue. Pinangunahan naman ni BUFECO Chairperson Erwin Veneracion ang panunumpa ng mga halal na opisyal para sa 2024 at nagsilbi ring tagapag-daloy ng open forum ng ika-54 na GA meeting.

Nagbigay ng pag-uulat ang Mediation and Conciliation Committee, Ethics Committee, Audit Committee, Election Committee, at ang Gender and Development Committee.

Nagpaalam din at nagpasalamat ang dating BOD Chairperson na si Dra. Irma E. Cruz sa kanyang huling termino bunsod na rin ng kanyang pagreretiro alinsunod sa tuntunin ng St. Martin Coop.

Itinampok din sa okasyon ang grand draw para sa "Dagdagan ang Saping Puhunan Nyo at Manalo ng Limpak-limpak na Papremyo" Share Capital Promo.

Hindi lamang binigyang-diin ng 2024 Final GA Meeting ang mga tagumpay ng nakaraang taon ng kooperatiba, kundi naging patunay rin ito ng diwa ng pagkakaisa at sama-samang paglalakbay patungo sa tagumpay.






Bahagi ng mga dumalo sa 54th General Assembly na masayang nakikiisa sa mga gawain at ang panunumpa sa tungkulin ng mga miyembro ng Board of Directors.




## Tulong-Kabuhayan Loan, puhunan para sa kinabukasan

Ikaw ba ay isa sa mga dumalo sa pagsasanay ng St. Martin Coop? Ikaw ba ay nais mag simula ng Negosyo mula sa iyong natutunan ngunit hindi ito maituloy sapagkat hindi sapat ang iyong puhunan?

Kung oo, narito ang sagot sa iyong problema - Ang Tulong Kabuhayan Loan!

Layunin ng uri ng pautang na ito na magbigay ng karagdagang kapital at suporta sa mga miyembro na nagnanais magtayo o mapalago ng kanilang mga negosyo mula sa kanilang natutunang pagsasanay. Ito ay mayroong P15,000 Loan Ceiling, mababang interest, at flexible na pagbabayad hanggang 18 buwan.

At kung ikaw ay napag bigyan sa uri ng pautang na ito, ikaw ay makaka tanggap ng libreng promosyon para sa iyong negosyo.

Ito ay isa sa mga programa ng Business Development Center upang lubos na matulungan ang mga miyembro na nangangarap magtayo o lumago ang kabuhayan sa pamamagitan ng kanilang negosyo. Para sa karagdagang kaalaman o katanungan ay maaring tumawag sa 0964-908-2268.

## St. Martin Coop, nakiisa sa Brigada Eskwela 2024

Bilang suporta sa Brigada Eskwela 2024, nagbigay ng donasyon ang St. Martin Coop, katuwang ang Bulacan Cooperative Hall of Fame League Union, ng 6 electric fan sa Lolomboy Elementary School noong Agosto 19, 2024 at naglinis sa Lolomboy National High School.

Layunin ng inisyatibong ito na lumikha ng mas komportableng kapaligiran para sa mga mag-aaral at guro ng nasabing paaralan.

Ang pagkakaisang ito ay patunay sa patuloy na pag tugon ng mga kooperatiba bilang aktibong katuwang sa pagpapaunlad ng mga komunidad.

Ang naturang donasyon ay bahagi ng programa sa ilalim ng Community Development Fund ng SMTCDC.








SANDIWA ST. MARTIN COOP

**SERAFIN M. CELESTINO, JR.**
Chief Executive Officer

**RAYMOND M. CARDENAS**
Chief Operating Officer

**MICHELLE V. HIPOLITO**
Chief Human Resource and Administrative Officer

**ANGELO H. LIBIRAN**
Chief Membership Services and Marketing Officer

**ALVIN B. NORIESTE**
Chief Finance Officer

**NENITA DR. IGNACIO**
Chief Accounts Management Officer

**WENNIE N. SANTOS**
Chief Branch Operations Officer

**BOARD OF DIRECTORS**

**HERMINDA Z. VALERIANO**
Chairperson

**PINKY DG. CLAUDIO**
Vice Chairperson

**MARISSA S. LORENZO**
Member

**MARY GISELLE S. GALICIA**
Member

**ATTY. SOLEDAD DV. CABANGIS**
Member

**MA. LUISA V. SANCHEZ**
Member

**ADIEL SAM T. DE JESUS**
Member

**ERNESTO U. GUILLERMO, JR., LPT, MST**
Member

**FLORENTINA R. ESPINOLA**
Member

**Punong Patnugot at Layout**
Ernesto U. Guillermo, Jr., LPT, MST

**Mga Kontributor**

Nenita DR. Ignacio • Eileen Ruth G. Reyes • Allan Eugine Baiza • Mary Ann Agustin • Regine Lor • Rowena Celestino • Shierly delos Santos • James Jason D. Ignacio • Jeremiah John Jeffrey Lopez • Almario Gloria • Joemar G. Nicolas

Ang **Sandiwa** ay ang opisyal na pahayagan ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative. Ito ay pinamamahalaan ng SMTCDC **Education and Training Committee** bilang pamamaraan upang ang mga kamay-ari ng St. Martin Coop ay mahatiran ng mga pinakahuling kaganapan, gawain, at pag-ulat tungkol sa SMTCDC.



## Kahalagahan ng mga Direktor sa Isang Kooperatiba

**Editoryal**

Sa kasalukuyang istruktura ng mga kooperatiba sa Pilipinas, itinakda ng Cooperative Development Authority na ang Board of Directors ang siyang magsisilbing lupon kung saan regular na mag-uulat ang mga namamahala nito.

Bilang mga halal na opisyal ng kooperatiba, ang mga direktor ang mga kinatawan ng mga kamay-ari upang masusing pangalagaan ang kapakanan ng mga kasapi. Tinitingnan at binubusisi ng mga direktor ang kalalagayan ng kooperatiba. Sila ang tagapagtibay sa mga panukala at programa na inihahain ng management upang maipatupad ang mga ito. Ang Board of Directors ang nagpapatibay sa mga polisiya at direksiyon na susundin at tatahakin ng kooperatiba.

Kung mayroon mang mga investment na gustong gawin ng management, dumadaan ito ng pagsusuri at pagpapatibay ng BOD. Ganun din sa mga malalaking pagpapahiram ng salapi sa mga miyembro pagkatapos ng tamang pagtitimbang kung ang mga ito ba ay kayang tustusan ng humihiram.

Ang mga direktor ay kabilang din sa mga short-term o long-term na istratehikong pagpaplano sa mga gawain at hinaharap ng kooperatiba.

Kaya naman, ang sinumang halal na miyembro ng Board of Directors ay kinakailangang dumaan sa mga pagsasanay na itinatakda ng CDA upang maunawaan nila at magampanan ng maayos ang kanilang mga tungkulin.

Ang BOD naman, sa pamamagitan ng Chief Executive Officer, ang siyang maguulat at may responsibilidad sa pangkalahatang kasapian upang maipaalam sa lahat ang katatayuan at ang mga tatahakin pa ng kooperatiba.

Kaya naman, ang tamang pagpili ng nararapat na miyembro ng BOD ay napakahalaga para sa magandang kinabukasan ng kooperatiba.

eugjr



**HERMINDA Z. VALERIANO**
Chairperson



**PINKY DG. CLAUDIO**
Vice Chairperson



**MARISSA S. LORENZO**
Member



**MARY GISELLE S. GALICIA**
Member



**ATTY. SOLEDAD DV. CABANGIS**
Member



**MA. LUISA V. SANCHEZ**
Member



**ADIEL SAM T. DE JESUS**
Member



**ERNESTO U. GUILLERMO, JR., LPT, MST**
Member



**FLORENTINA R. ESPINOLA**
Member




# "Pagkakaisa at Pag-unlad: St. Martineurs Facebook Page"

Ipinakilala ng SMTCDC ang St. Martineurs isang Facebook page para sa mas malawak na koneksyon at komunikasyon para sa lahat ng miyembro at taga-suporta ng St. Martin Coop.

Sa St. Martineurs Facebook page, makikita ang mga iba't ibang uri negosyo ng miyembro kung saan sila ay maaari mong makapanayam. Naroon ang mga kwentong nag bibigay ng inspirasyon mula sa ating mga Kamay-ari na nagtagumpay sa kanilang mga negosyo mula sa pagsasanay na kanilang dinaluhan. Makikita din ang impormasyon tungkol sa mga darating na pagsasanay, mga highlight mula sa mga event at aktibidad ng St. Martin Coop at ilang mga kapaki pakinabang na tips at paalala para sa mas maayos na pamumuhay at negosyo.

Sa pamamagitan ng St. Martineurs, layunin nitong mapalapit ang bawat miyembro sa isa't isa, maka pagbigay inspirasyon, at magtulungan tungo sa mas matagumpay na pag nenegosyo. Inaanyayahan namin kayo na i-like at i-follow ang St. Martineurs Facebook page upang manatiling updated at makasali sa mga na diskusyon at aktibidad.

# Pagbabayad sa Insurance premium, pinalawig

ni Regine Lor

Binago ang patakaran sa pagbabayad ng Insurance Premium upang mas mapagaan ang pagbabayad dito. Ang mga piling insurance premium ay maaari na itong bayaran sa loob ng dalawa (2) hanggang limang (5) buwan depende sa halaga ng mga ito.

Ang mga ito ay ang Keyman Accident Insurance, Fire Insurance, at Comprehensive Insurance.

Ang Keyman Accident Insurance, ay para sa mga "white collar job" o ang mga manggagawa na nasa loob ng opisina lamang ang mga trabaho, na gustong matiyak ang kanilang kaligtasan sa oras ng kanilang pangangailangan.




Ang Fire Insurance ay kinakailangan para sa mga miyembro na may Home Loan o Secured Loan na may "collateral property" sa Kooperatiba upang matiyak ang kaayusan ng ari-arian ng mga miyembro.

Ang Comprehensive Insurance, ay para sa mga miyembro o hindi miyembro na may sasakyan at gusto nilang matiyak ang kapakanan ng kanilang mga sasakyan.

Kung ang premium ay P5,000.00 pababa, maaari itong bayaran ng hanggang 2 buwan.

Sa premium na P5,001.00 hanggang P9,000.00, pwedeng hanggang 3 buwan.

Ang P9,001.00 hanggang P12,000.00 ay hanggang 4 buwan.

Ang P12,001.00 pataas naman ay maaring bayaran hanggang 5 buwan.

# St. Martin Coop, pinalakas ang seguridad sa Savings Withdrawal

ni Allan Eugine Baiza

Upang matiyak ang mataas na antas ng seguridad at epektibong pangangasiwa sa savings withdrawal, isinagawa ng St. Martin Coop ang pagbabago sa Policy on Savings Withdrawal.

Ang bagong polisiya ay naglalaman ng mas malinaw na mga alituntunin at responsibilidad para sa mga opisyal at empleyadong may kinalaman sa proseso ng withdrawal transactions. Layunin nitong maiwasan ang anumang aberya o panganib na maaaring makaapekto sa pondo ng mga kasapi.

Sa ilalim ng pinahusay na patakaran, mas mahigpit ang pagsusuri at pagvalidate ng withdrawal requests upang maprotektahan ang seguridad ng pondo at mapanatili ang tiwala ng mga miyembro sa kooperatiba.

Patuloy na isinusulong ng St. Martin Coop ang transparency at accountability sa mga serbisyong pinansyal upang matiyak ang maayos at ligtas na transaksyon para sa lahat ng kasapi.




# Polisiya sa Agricultural Loan, inayos

ni Rowena Celestino

Inayos ang termino sa mga agricultural loan sa St. Martin Coop batay sa uri ng gawain na isinasagawa ng mga kasapi ukol sa pangsakahan, pangisdaan, at paghahayupan.

Mula sa itinakdang termino na 180 na araw o anim (6) na buwan na tagal ng pagbabayad, ito'y ibinababa sa 150 na araw o limang (5) buwan na lang.

Sa interes naman, ito'y alinsunod sa tagal ng buwan o araw ng pagbabayad. Kapag ito'y babayaran sa loob ng tatlong (3) buwan ay 5% ang interes, kapag apat (4) na buwan ay 6%, at 6.5% naman ang interes kapag limang (5) buwan.

Nakabatay pa rin sa "working capital" ng kasapi ang halaga ng maaaring ipautang sa kanya.

Nakadepende naman sa halaga ng uutangin ang bilang ng Ka-Maygawa o "Co-Maker". Isang Ka-Maygawa para sa halagang P49,000.00 pababa at dalawang (2) Ka-Maygawa naman para sa halagang P50,000.00 hanggang P100,000.00.

Isinagawa noong ika-1 ng Agosto 2024 ang pagpapatupad nito.





## Group Employee Assistance Loan, inamyendahan

ni Rowena Celestino

Inamyendahan ang Group Employee Assistance Loan (GEAL) at ito ay ipinatupad simula nuong ika -7 ng Oktubre 2024.

Halagang P100,000.00 ang maaaring mautang na babayaran sa loob ng hanggang 24 na buwan o dalawang (2) taon sa pantay na halaga ng paghuhulog. Pwedeng bayaran ng buwanan o tuwing kalahatian ng buwan. Ang patubo ay 21% para sa halagang P29,000.00 pababa, 20% naman para sa P30,000.00 - P49,000.00, 19% para sa P50,000.00 - P99,000.00 at 18% para sa P100,000.00.

Alinsunod din sa tagal ng serbisyo sa trabaho ang halagang mauutang. Para sa wala pang isang (1) taon ay P30,000.00 ang pwedeng mautang, sa isang (1) taon naman ay P40,000.00, sa dalawang (2) taon ay P60,000.00, sa dalawa't kalahating (2 ½) taon ay P80,000.00, at sa mahigit na dalawa't kalahating (2 ½) taon ay P100,000.00.

Isang Ka-Maygawa (Co-Maker) ang kailangan ngunit dapat ito'y kapwa kawani rin nila sa kumpanyang pinapasukan.

Maaaring lumahok ang mga kumpanyang may limang taon ng umiiral ang operasyon. Kailangang ito'y rehistrado sa Securities and Exchange Commission (SEC) o Department of Trade and Industry (DTI) at kung ito'y paaralan, mayroong "updated Department of Education (DEPED) approval". Nararapat din na may maayos at magandang sitwasyon pinansyal ang nasabing kumpanya.

Kwalipikado rito ang mga empleyado na nasa aktibong serbisyo, walang "leave of absence without pay"sa araw ng aplikasyon, kinakailangang miyembro rin ng St. Martin Coop ang empleyadong mag-aaply at dapat mayroong P500.00 na saping-puhunan (share capital). Samantalang ang kailangang P2,000.00 saping-puhunan ay maaaring kumpletuhin sa pamamagitan ng pag-awas sa makukuhang utang.

Dapat wala ring nakabinbing administratibong kaso, sibil o kasong krimen mula sa araw ng aplikasyon ng empleyado.

Nararapat rin na may natitira pa sa kanyang sweldo (take home pay) ayon sa itinakdang polisiya ng kanilang kumpanya.

Kinakailangan ding magpasa ng isang buwang "payslip" mula sa huling sweldo o "bank statement" kung saan ipinapasok ang kanyang sweldo. Gayundin, ang kanilang kumpanya ay magpapasa ng "Sertipiko ng Trabaho" (Certificate of Employment) kung saan nakasaad ang mga pangalan ng kanilang empleyadong nagnanais mangutang kasamang nakalagay din ang kanilang posisyon, "take home pay" at taon ng serbisyo.

Sasailalim naman sa itinakdang proseso ng pagutang ang mga empleyadong nagnanais kumuha ng iba pang klase ng pautang, at maaari ring mangutang ang mismong may-ari ng kumpanya at kailangan lang nilang magpasa ng katibayan ng kanilang kita.

# Loan Promos, inilunsad

Ni Rowena Celestino

Inilunsad ng St. Martin Coop ang "Ready Money, Reignite and Paylite, at Booster Loan - mga bagong uri ng pautang upang mas mapalawak ang serbisyo sa pagpapautang.

Para sa "Ready Money Loan", ito'y pinasimulan noong Setyembre 15, 2024 at nagtapos noong Oktubre 31, 2024. Mula sa halagang P20,000.00 hanggang P50,000.00 ang maaaring mautang na babayaran sa loob ng hanggang 24 na buwan o dalawang (2) taon. Maaaring makapangutang ang mga may sampung (10) taon ng kasapi na may magandang record at mayroong P20,000.00 na saping puhunan (share capital).

Pinasimulan naman noong Setyembre 30, 2024 hanggang Disyembre 31, 2024 ang "Reignite and Paylite Loan". Mula sa halagang P15,000.00 hanggang P300,000.00 ang maaaring mautang na babayaran sa loob ng hanggang 36 na buwan o tatlong (3) taon.

Para ito sa mga kasaping hindi nangungutang sa loob ng isang taon ngunit may magandang rekord at may anim (6) na taon ng kasapi, at mayroong P5,000.00 na saping puhunan (share capital).

Samantala, ang Booster Loan ay para lamang sa mga kasapi ng sangay sa Orani, Bataan na may mga maliliit at katamtamang laki ng negosyo o "SME". Sinimulang ipinatupad ito noong ika-1 ng Hulyo 2024 hanggang Disyembre 2024.

Mula sa halagang P50,000.00 hanggang P150,000.00 ang maaaring mautang na babayaran sa loob ng isang taon hanggang tatlong (3) taon. Isang taong babayaran ang P50,000.00, dalawang (2) taon naman kapag higit sa P50,000.00 hanggang P100,00.00, at tatlong (3) taon kapag higit sa P100,000.00 hanggang P150,000.00. At kinakailangan rin ang "PDC o post dated check" bilang garantiya.

Subalit nitong ika-26 ng Pebrero 2025, inamyendahan ito na hindi na kailangan ng PDC at hinabaan rin ang pagpapatupad nito mula ika-15 ng Enero hanggang ika-15 ng Hulyo 2025.



## Memorial Chapels, itinatayo sa Marilao

Ni Allan Eugine Baiza

Mas pinalawak pa ng St. Martin Coop ang kanyang mga serbisyo sa pamamagitan ng pagtatayo ng Himlayan de San Martin Memorial Chapels, isang bagong pasilidad na tutugon sa pangangailangan ng mga kasapi pagdating sa memorial services.

Matatagpuan sa McArthur Highway, Abangan Sur, Marilao, Bulacan ang naturang Memorial Chapels. Ito ay binubuo ng limang viewing chapels. Ang bawat chapel ay may sariling silid, palikuran, at silid-kainan upang matiyak ang maayos at komportableng serbisyo para sa mga pamilyang

*(karugtong sa pahina 7)*

# St. Martin Coop, kumita ng P270.246 M sa 2024


*(mula sa pahina 1)*
lang aktibidad sa pagpapautang noong 2024.

Ang mga pautang na naibigay ay tumaas ng P96.074 milyon o 6.05%, at naitala sa P1.683 bilyon. Sa halagang ito, 52% o P874 milyonang inilaan para sa mga pangangailangan sa negosyo ng mga miyembro, habang ang natitirang 48% o P809 milyon ay inilaan para sa iba't ibang pangangailangan ng mga miyembro tulad ng pabahay, edukasyon, pagpapaayos ng bahay, pambili ng mga sasakyan at iba pang personal na gastusin.

Ang kabuuang koleksyon sa principal amount ay umabot sa P1.563 bilyon, na tumaas ng P20.753 milyon mula sa P1.542 bilyon nong 2023. Ang masigasig na pagsasagawa ng mga paalala o follow-up sa koleksyon, patuloy na pagbibigay ng iba't ibang solusyon para mapabuti ang credit record ng mga miyembro, pagsasagawa ng supervised credit at kung kinakailangan, pag gamit ng legal na aksyon, ay nagpalakas ng koleksyon noong 2024. Dahil dito, nanatiliing nasa maayos na kalagayan ang portfolio-at-risk. Samantala ang net loans receivable ay naitala sa P 1.222 bilyon.

Ang kabuuang gastos ay umabot sa P212.069 milyon, na mas mababa ng P22.549 milyon o 9.61% kumpara sa aprubadong badyet. Gayunpaman, ito ay mas mataas kaysa sa P195.894 milyon noong nakaraang taon. Ang pag taas ay pangunahing sanhi ng mga pagsasaayos sa sahod ng mga empleyado upang matiyak na sila ay patas na nababayaran sa kanilang kontribusyon habang isinaalang-alang ang pamantaya ng industriya at kakayahang pinansyal ng kooperatiba. Mayroon ding pagtaas sa ilang gastusin tulad ng depreciation, seguridad at renta, pati na rin ang mas mataas na financing cost dahil sa mas malaking halaga ng deposito.

Ang mga serbisyong pang insurance ay napakinabangan ng 21,170 miyembro, kung saan 19,583 ang naka-enroll sa life insurance at 1,485 naman sa non-life plans. Ang bilang ng mga naka enroll sa 1-Coop Health ay umabot sa 102. Ang kabuuang claims ng 68 member-beneficiaries ay naitala sa P3.891 milyon – P3.294 milyon mula sa non-life insurance, at P8,092.00 mula sa health insurance.




Ang pagkakahati-hati ng net surplus sa taong 2024 na kung saan mahigit P27 milyon ang nakalaan sa interes ng share capital at patronage refund.

Sa pagtatapos ng Disyembre 2024, ang SMTCDC ay may kabuuang 75,805 na kasapi na binubuo ng 71,501 Regular Members at 4,304 Associate Members.

Ang kabuuang assets ay naitala sa P2.836 bilyon, na tumaas ng P82.720 milyon kumpara noong nakaraang taon. Ang 3% na paglago ng assets ay maituturing na resulta ng pagtaas ng pautang at salaping lagak.

Ang Net Surplus ay umabot sa P58.177 milyon mas mataas ng P3.019 milyon o 5.47% kumpara noong nakaraang taon. Samantalang ang Balik TAngkilik ay naitala sa P54.43 para sa bawat P1,000.00 na interes na binayaran, mas mataas kaysa sa P45.29 noong nakaraang taon. At ang Interest on Share Capital ay nasa 3.03%.

Samantala, umabot sa mahigit P18 milyon ang naipamahagi sa social services kung saan ang pinakamalaking bahagi nito ay ang Mortuary Fund.

Sa pagpasok sa taong 2025 taglay ang panibagong pag-asa at positibong pananaw, pinasasalamatan ng SMTCDC ang Poong Maykapal sa Kanyang gabay, biyaya, at proteksyon na nagpapanatili sa Kooperatiba sa maayos na kalagayan.

Ipinaaabot din ng buong pamunuan ng St. Martin Coop ang taos-pusong pasasalamat sa lahat ng mga kamay-ari at katuwang na institusyon sa kanilang dedikasyon, suporta, at patuloy na pagtangkilik na nakapag-ambag ng lubos sa katatagan at patuloy na pag-unlad ng Kooperatiba.

| SOCIAL SERVICES | CONSOLIDATED | |
|---|---|---|
| **Health Services** | **No. of Claims** | **Amount** |
| Hospitalization | 267 | 450,481.60 |
| BuntiSuporta | 18 | 10,600.00 |
| **Membership Services** | | |
| Pension for Senior Members | 1,302 | 2,146,600.00 |
| Fire Victim Assistance | 5 | 18,500.00 |
| Benefits of Deceased Members | 197 | 591,000.00 |
| Share Capital Protection Plan | 95 | 886,560.91 |
| Birthday Gift Certificates | 3,449 | 348,690.00 |
| **Educational Services** | | |
| Tulong Paaral Kay Musmos | 1 | 12,450.00 |
| Scholarship Assistance | 5 | 171,700.00 |
| Musmos Aralan | 50 | 40,222.20 |
| **Auxiliary Services** | | |
| Mortuary Fund | 132 | 13,652,395.49 |
| GRAND TOTAL | 5521 | 18,329,200.20 |

## Memorial Chapels, itinatayo sa Marilao

*(mula sa pahina 6)*
dumadaan sa pagluluksa.

Ang pangunahing kapilya sa unang palapag ay kayang tumanggap ng 50-60 katao, habang ang pangalawang kapilya sa ikalawang palapag ay may kapasidad na 25-30 katao. May kakayahan rin itong pagsamahin upang makabuo ng mas malaking silid-burolan para sa mga pangangailangan ng mas malawak na espasyo.

Bagama't nananatiling pangunahing serbisyo ng St. Martin Coop ang pagpapautang, patuloy nitong tinatahak ang landas ng diversification upang makapagbigay ng mas maraming serbisyo sa mga kasapi. Kasabay ng mas pinadaling proseso ng pagpapautang, layunin ng kooperatiba na palawakin ang mga negosyo upang makasabay sa lumalawak na pangangailangan ng komunidad.

Inaasahang magsisimula ang operasyon ng Himlayan de San Martin Memorial Chapels sa Agosto 2025, at umaasa ang pamunuan ng St. Martin Coop na ito ay tatangkilikin ng mga kasapi sa oras ng pangangailangan.

# Pinagbuting benepisyo sa empleyado, sinisiguro ng SMTCDC



ni Shierly L. Delos Santos

Bilang bahagi ng patuloy na pagsusumikap ng St. Martin Coop na mapabuti ang kapakanan ng kanyang mga empleyado, inilunsad ang mga bagong benepisyo na nakatuon sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman, pagbibigay ng karagdagang kita, at incentive para sa mga Frontliners, na magsisilbing motibasyon upang lalo silang magpursige sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin.

Ang mga programang ito ay naglalayong hindi lamang paunlarin ang kanilang propesyonal na kakayahan kundi pati na rin palakasin ang kanilang katatagan sa pananalapi.

Sa pamamagitan nito, sinisiguro ng kooperatiba na ang bawat kawani ay handa at may kumpiyansa sa pagharap sa mga hamon ng kanilang propesyon habang natatamo ang mas magandang kalidad ng buhay.

Narito ang mga pinagbuting benepisyo na naaprubahan noong nakaraang taon:

**I. Implementing Rules and Regulations on the Approved Salary Structure**

Sa bisa ng BR No. 301, s. 2023 ay naaprubahan ang Implementing Rules and Regulations (IRR) kaugnay ng salary structure. Layunin ng IRR na ito na magbigay ng malinaw na gabay para sa maayos at epektibong pagpapatupad ng bagong salary structure, na nagsusulong ng transparency, mabuting pamamahala, at pagsunod sa mga kaukulang batas at alituntunin.

Saklaw ng IRR na ito ang lahat ng kasalukuyang kawani ng SMTCDC na mayroong probationary at regular status. Gayunpaman, hindi ito ipatutupad sa mga empleyadong nagbitiw o magbibitiw sa kanilang tungkulin bago ang petsa ng pagpapatupad, na itinakda noong ika-1 ng Pebrero 2024.

Ang pagpapatupad ng bagong salary structure ay naglalayong tiyakin ang patas at makatarungang pasahod sa lahat ng kwalipikadong empleyado, habang isinasaalang-alang ang pagsunod sa mga prinsipyo ng transparency at good governance.

**II. Amended Policy on Team Incentive Program for Branches**

Alinsunod sa BR No. 85, s. 2024, inamyendahan ang Team Incentive Program para sa mga Branch Personnel. Sa pamamagitan nito, hinihikayat ang bawat empleyado na magpursige at magsikap upang hindi lamang matugunan kundi malampasan pa ang kanilang mga target sa iba't ibang aspeto ng operasyon ng Kooperatiba.

Kabilang dito ang pagpapalakas ng membership recruitment, pagpapahusay ng loan portfolio quality, loans granted, at deposit generation.



Ang Team Incentive Program ay naglalayong itulak ang mas mataas na antas ng produktibidad at pagkakaisa ng bawat branch personnel bilang suporta sa pangmatagalang layunin at estratehikong direksyon ng Kooperatiba.

Naniniwala ang pamunuan ng SMTCDC na ang pagkakaroon ng Team Incentive Program ay magbibigay ng karagdagang inspirasyon sa mga kawani upang magsikap at pagbutihin ang kanilang pagganap sa kanilang mga tungkulin. Ang pagkilala sa kanilang pagsusumikap ay nagpapataas ng moral at nagpapalakas ng kanilang dedikasyon sa trabaho. Ang pagbibigay ng insentibo ay isang epektibong paraan upang kilalanin ang kahusayan at dedikasyon ng mga empleyado.

**III. Amended Policy on Subsidy for Professional Development**

Sa bisa ng BR No. 207, s. 2024 ay naamiyendahan at higit pang pinabuti ang Policy on Subsidy for Professional Development upang mas matugunan ang pangangailangan ng mga empleyado para sa patuloy na pag-aaral at pag-unlad sa kanilang larangan. Suportado at hinihikayat ng SMTCDC ang patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga kwalipikadong empleyado sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal para sa iba't ibang oportunidad sa edukasyon at pagsasanay.

Sa ganitong paraan, napapalawak ang kanilang kakayahan at maiaambag nila ang mas mataas na antas ng kahusayan na nagdudulot ng tagumpay sa ating kooperatiba.

Ang inisyatibong ito ay naglalayong mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan, hinihikayat ang patuloy na pag-aaral, at tinitiyak na ang mga kawani ay nananatiling competitive at handa sa pagharap sa patuloy na nagbabagong pangangailangan ng sektor ng kooperatiba.

Sa pamamagitan ng subsidiya, magkakaroon ng pagkakataon ang mga empleyado na lumahok sa mga makabuluhang pagsasanay at kumuha ng mga sertipikasyon na naaayon sa kanilang larangan. Ito ay hindi lamang nakatutulong sa kanilang personal at propesyonal na pag-unlad, kundi nagbibigay rin ng positibong epekto sa kooperatiba.

# St. Martin Coop, nakilahok sa *World Cleanup Day*

Buong pagmamalaking nakiisa ang mga empleyado at miyembro ng St. Martin Coop, kasama ang masigasig na kabataan ng St. Martin Youth Lab Coop, sa World Cleanup Day noong Setyembre 20, 2024.

Bitbit ang mga guwantes, sako, walis, at dustpan, pati na ang matibay na pananagutan para sa kalikasan, sama-sama nilang nilinis ang isang kalye sa Igulot, Bocaue, Bulacan.

Ang inisyatibong ito ay naglalayong palaganapin ang kamalayan ukol sa kahalagahan ng pangangalaga sa daigdig.

Sa patuloy na pagtutulungan, hangad ng St. Martin Coop na makapagambag sa isang mas maganda at mas malinis na kinabukasan.



# Ilang Partner ng SMTCDC na Nagbibigay Diskwento sa mga Kamay-ari
























# Ilang Loan Products at Services ng St. Martin of Tours Coop
























































KEYMAN PROTECTOR
A plan that offers 24/7, worldwide protection against accident with coverage up to
P3,000,000.00.
BENEFITS
Accidental Death & Dismemberment
Unprovoked Murder and Assault
Accident Medical Reimbursement
Accident Burial Benefit
FOR AS LOW AS
P1,825.00 PER YEAR ONLY!
*Terms and conditions apply
APPLY NOW!
Contact us at : (0932) 848 1125
CLIMBS
ST. MARTIN COOP


ProstaCare Benefit
Nagpa-check up ng prostate?
May medical assistance 'yan!
Para sa dagdag na kaalaman, magsadya lamang sa pinakamalapit na sangay ng St. Martin Coop o i-message ang aming FB page.
ST. MARTIN COOP
*Subject to pertinent policy
www.stmartincoop.ph


Protection against the unexpected.
COMPREHENSIVE INSURANCE
Low premium with higher coverage
Enroll Now!
ST. MARTIN COOP
CLIMBS
0932-848-1125
www.stmartincoop.ph
/stmartincoop
Subject to pertinent policy


PROTECT
YOUR TOMORROW.
Angelica
Life Plan
for as low as
P540.00
a month
APPLY NOW!
Contact us at : (0932) 848-1125
ST. MARTIN COOP


WE GOT YOU COVERED!
Secure your health with 1 Coop Health.
BENEFITS:
• Annual Physical Examination
• Out-Patient Benefits
• In-Patient Benefits
• Emergency Cases
• Dental Services
• Telemedicine
• Financial Assistance
• Special Coverage For COVID-19 cases
coop Assurance
1 Coop Health
Apply Now!
Contact us: (0932) 848-1125
ST. MARTIN COOP


Protect your family's future by keeping everyone you love secure.
COOP AKSI Plan
Benefits | Plan 1 | Plan 2 | Plan 3
Accidental Death & Dismemberment | 20,000 | 50,000 | 100,000
Unprovoked Murder & Assault | 10,000 | 20,000 | 50,000
Medical Reimbursement due to Accidental | 2,000 | 5,000 | 10,000
Hospital Income Rider due to Accident (max. of 7 days per current year) | 100/Day | 200/Day | 300/Day
For as low as P110.00 Annual premium
APPLY NOW! CONTACT US (0932) 848-1125
ST. MARTIN COOP


CLIMBS
ST. MARTIN COOP
COOP ASSURANCE CENTER NEW PRODUCT
ADVANTAGE
RESIDENTIAL FIRE INSURANCE
product for cooperative members with affordable annual premium to protect their properties in case of physical damages brought by perils insured against.
• Residential Fire Insurance for Building and Household Contents (First Loss) P50,000.00
• Comprehensive Personal Liability (Home Premises)
Personal Liability P20,000.00
Medical Payment P2,000.00
Damage to Property P2,000.00
• Accidental Death & Dismemberment Insurance P25,000.00
• Bereavement Assistance (due any type of death) P2,500.00
• Premium Per Unit of Coverage (inclusive of taxes) one (1) unit per insured location P250.00
*Terms and conditions apply
APPLY NOW!
Contact us at : (0932) 848 1125


THE BEST COOP
ALWAYS STANDS OUT...
"Be a member and feel the Great COOP Banking Experience."
ST. MARTIN COOP
Helping Uplift Lives, Building Communities
www.stmartincoop.ph

# Masiglang Empleyado, Matatag na St. Martin Coop!

ni Shierly L. Delos Santos

Sa St. Martin Coop, naniniwala tayo na ang ating mga empleyado ay ang puso ng ating kooperatiba. Sila ang nagbibigay-buhay sa ating mga adhikain, nagsusumikap araw-araw upang matupad ang ating mga layunin, at nag-aambag ng kanilang husay upang patuloy tayong umunlad. Kaya naman, bilang pagpapahalaga sa ating mga empleyado, aktibong naglunsad ang Human Resources Department ng iba't ibang Engagement Activities noong nakaraang taon. Ang layunin ng mga aktibidad na ito ay upang palakasin ang samahan, pasiglahin ang kultura ng pagtutulungan, at mapangalagaan ang pisikal at emosyonal na kapakanan ng ating mga kawani sa kooperatiba. Narito ang mga programang nailunsad sa taong 2024:

**1. Pagpupugay sa Husay sa Kusina ng mga Ilaw ng Tahanan: "Mother's Day Cook-Off Challenge"**



Bilang paggunita sa araw ng mga Ina, noong ika-4 ng Mayo 2024, binigyang-pugay natin ang ating mga masisipag at



mapagmahal na Mother employees sa pamamagitan ng isang Cook-Off Challenge na may tema na "Mama's Secret recipe: A tribute to Mom's Kitchen". Ito ay naganap sa SMTCDC Activity Center. Bago magsimula ang paligsahan sa kusina, ang mga dakilang ina ay nagkaroon muna ng isang Cooking Lesson na pinamunuan ni Gng. Ma. Rossana L. Recio mula sa TESDA. Sa masayang paligsahang ito, ipinamalas nila ang kanilang husay sa pagluluto, dala ang mga espesyal na putaheng hindi



lamang puno ng pagmamahal kundi may kasaysayan at alaala mula sa kanilang mga sariling ina. Mula sa mga pamana nilang recipe hanggang sa mga tradisyunal na lutuing minana sa pamilya, naging inspirasyon ng bawat kalahok ang mga natutunan nila mula sa kanilang mga magulang. Habang naglalaban sa kusina, ibinahagi rin nila ang mga kwento sa likod ng kanilang mga putahe mga pagkaing nagpapatibay ng samahan sa hapag-kainan at nagiging simbolo ng pagmamahal sa kanilang pamilya. Hindi lamang ito isang kompetisyon, kundi isang selebrasyon ng kanilang sipag at tiyaga sa tahanan man o sa trabaho. Sa pamamagitan ng aktibidad na ito, ipinakita natin ang pagpapahalaga sa kanilang dedikasyon hindi lamang bilang ina kundi bilang mahalagang bahagi ng ating organisasyon.



At ang grupong nagwagi ay walang iba kundi ang team ni Ms. Rowena Celestino, na naghanda ng isang classic recipe na paborito at pasok sa panlasang Pinoy, ito ay mula sa recipe ng butihing ina ni BM Editha Santiago na kanilang tinawag na "Menudo ni Nanay".

**2. Pagpapakita ng Kakayahan at Pagkamalikhain ng mag-ama: Dad's Fest: DIY Project**

Sa pagdiriwang ng Father's Day, isang araw na inilaan upang parangalan at pasalamatan ang "Matibay na Haligi ng Tahanan" sa ating komunidad sa trabaho, ang ating kooperatiba ay nagdaos ng isang masaya at makabuluhang aktibidad na magsusulong ng pagkakabuklod ng pamilya, pagkamalikhain, at paglikha ng mahahalagang alaala. Tampok sa aktibidad na



ito ang isang DIY Project ng mag-ama, na may temang"Building Memories Together: Crafting Bonds through DIY" na nagbibigay-diin sa espesyal na samahan ng mga ama at kanilang mga anak habang magkasamang gumagawa ng malikhain at praktikal na proyekto. Bawat kalahok ay nagpakita ng kanilang pagkamalikhain at kasanayan sa paggawa ng iba't ibang proyekto base sa edad ng kanilang mga anak:



- Para sa mga batang edad 1-6: Bumuo ng wooden puzzle na maaaring disenyo ng bawat isa ayon sa kanilang nais.
- Para sa mga batang edad 7-13: Nagdisenyo ng mga tasa bilang regalo sa kanilang ama.
- Para sa mga kabataang edad 14 pataas: Nagdisenyo ng mga T-shirt para sa isa't isa.



Ang masaya at makabuluhang aktibidad na ito ay isang taos-pusong pagpupugay sa lahat ng ama sa ating workplace, bilang pagkilala sa kanilang matatag na pagmamahal, pag-aaruga, at karunungan na nagsisilbing

(sundan sa pahina 13)

*(mula sa pahina 12)*
pundasyon ng kanilang mga tahanan at pamilya. Bukod dito, magbibigay din ito ng pagkakataon para sa kanila na maipamalas ang kanilang kakayahan at pagkamalikhain, habang nagkakaroon ng de-kalidad at mahalagang oras kasama ang kanilang mga anak.

**3. Kalusugan ang Kayamanan: Flu Fighter Wellness Day**

Noong nakaraang June 11, 2024, kasabay ng pagdaraos ng ating 2nd General Staff Meeting na may temang "Nurturing Wellness: Fighting the Flu, and It Starts with You" ay matagumpay nating isinagawa ang Flu Vaccine shot para sa mga empleyado. Ang aktibidad na ito ay bahagi ng ating patuloy na adbokasiya na bigyang-pansin ang kalusugan at kapakanan ng bawat isa sa ating samahan. Sa pamamagitan ng programang ito, ipinakita ng St. Martin Coop ang malasakit sa kapakanan ng ating mga empleyado, upang masiguro ang isang ligtas at produktibong kapaligiran sa trabaho.





Sa pakikipagtulungan sa Watsons Philippines, nagbigay tayo ng libreng flu vaccine shots sa lahat ng regular na empleyado. Layunin ng programang ito na masiguro ang proteksyon ng lahat laban sa influenza, na maaaring magdulot ng hindi inaasahang absences at makapigil sa produktibong pagtatrabaho. Sa pamamagitan ng pagbabakuna, ating pinapalakas ang resistensya ng bawat isa laban sa sakit habang pinapanatili ang isang masigla at ligtas na kapaligiran sa trabaho.



**4. Employee Sports Fest 2024**

Upang mapanatili ang sigla at mapalakas ang teamwork ng bawat isa, ginanap ang Employee Sports Fest noong April 6, 2024 isang kompetisyon ng pisikal na lakas at kakayahan. Dito, nagkaroon ng Basketball Tournament para sa mga kalalakihan at Badminton Tournament para sa mga kababaihan. Ang pangunahing layunin ng aktibidad na ito ay mabigyan ng pagkakataon ang ating mga empleyado na makilahok sa masayang paligsahan, mapaigting ang teamwork, at maisulong ang balanseng pamumuhay sa pagitan ng trabaho at personal na kalusugan. Sa pamamagitan ng paglahok sa mga gawaing pampalakasan, matutulungan ang ating mga empleyado na mabawasan ang stress, mapabuti ang kanilang pisikal na kalusugan, mapaangat ang morale, at mapatatag pa ang ugnayan sa kanilang mga kasamahan.



Ang mga gawaing pisikal na ito ay hindi lamang magbibigay ng pahinga mula sa araw-araw na gawain sa trabaho kundi magsusulong din ng mas malusog na pamumuhay. Bukod pa rito, mapapalakas nito ang samahan sa loob ng ating opisina at magpapalaganap ng pagkakaisa at sigla sa hanay ng ating mga empleyado. Higit sa lahat, magbibigay ito ng pagkakataon sa lahat na maipamalas ang kanilang kakayahan sa larangan ng palakasan at mag-enjoy nang husto.

At sa huli, ang Blue Team sa pangunguna ng kanilang team captain na si Mr. Raymart Lorenzo ang itinanghal na Champion sa Basketball tournament.



Samantalang sa pangunguna ng kanilang Team Leader na si Ms. Anne Cerisse Monares ang Orange Team naman ang itinanghal na Champion sa Badminton Tournament.



Ang pagpapahalaga sa empleyado ay ang pundasyon ng matatag na St. Martin Coop. Ang mga aktibidad na ito ay hindi lamang simpleng kasiyahan kundi isang mahalagang bahagi ng ating pangako sa pagpapahalaga sa ating mga kawani. Ang isang masaya, malusog, at masiglang empleyado ay nagiging mas produktibo, mas motivated, at mas handang harapin ang anumang hamon sa trabaho.

Sa pamamagitan ng mga programang ito, ipinakita ng St. Martin Coop na ang malasakit at pagkalinga sa kapakanan ng bawat isa ang pundasyon ng isang matagumpay at matatag na organisasyon. Patuloy nating palakasin ang samahan, panatilihin ang sigla, at ipagdiwang ang bawat tagumpay dahil sa Masiglang Empleyado, Matatag ang St. Martin Coop!

## *Natatanging Lathalain*

# Mga Naging Gawain ng SMTCDC GAD Committee sa 2024

Inilahad ni St. Martin of Tours Credit and Development Gender and Development Committee Focal Person Chief Operating Officer Raymond M. Cardenas ang kanilang mga naging gawain sa taong 2024.

Sa kanilang Taunang Ulat na iprinesenta sa mga ginanap na 2025 Sequential General Assembly Meetings, ang ulat ay nagpakita ng matibay na pangako ng kooperatiba sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng kasarian at inklusibidad, alinsunod sa 5-Taong GAD Strategic Plan (2024–2028). Para sa taong 2024, nakatuon ang kooperatiba sa layunin ng edukasyon:

*"Itaguyod at palakasin ang kamalayan at kaalaman ukol sa pagkakapantay-pantay ng kasarian at pag-unlad sa lahat ng anyo ng midya, upang matiyak ang malawak at may sapat na impormasyong diskurso na nagpapalaganap ng pag-unawa at nagsusulong ng inklusibidad."*

Nakilahok ang SMTCDC sa Ika-5 Pambansang Summit sa Gender and Development sa mga Kooperatiba noong Marso 6, 2024 na ginanap sa Convention Center ng Vigan, Ilocos Sur. Sa summit na ito, kinilala ang SMTCDC bilang isa sa mga nangungunang kooperatiba sa Gender and Development (GAD) Mainstreaming sa Pilipinas ng Gender Equality Resource Center, Inc. (GERC Inc.).




Dagdag pa rito, isinagawa ng kooperatiba ang GAD Assessment Tool at GAD Business Plan Review upang matiyak na ang mga patakaran at gawain nito ay naaayon sa itinakdang regulasyon at patuloy na tumutugon sa pangangailangan ng pagkakapantay-pantay ng kasarian. Bilang resulta, opisyal na naaprubahan ang Gender and Equality Policy Manual sa pamamagitan ng B.R. No. 18 Series of 2024.

Sa pamamagitan ng GAD Committee, matagumpay na naisakatuparan ng SMTCDC ang iba't ibang inisyatiba na nakatuon sa pagpapataas ng kamalayan, edukasyon, at pakikilahok ng komunidad.



**Mahahalagang Inisyatiba sa GAD (Enero - Disyembre 2024)**

- ***Enero – Pebrero: Pagpapataas ng Kamalayan at Pagpapahalaga***
  - **Araw ng mga Puso** (Pebrero 14): Pagpapakita ng pagpapahalaga sa mga empleyado at miyembro sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga token ng pasasalamat.




  - **Gender Sensitivity Training** (Pebrero 21 & 27): Face-to-face at online na pagsasanay para sa mga bagong empleyado upang isulong ang kamalayan sa gender at inklusibidad sa lugar ng trabaho.



*(sundan sa pahina 15)*

(mula sa pahina 14)

- **Pagdiriwang ng Buwan ng Sining** (Pebrero 23): Pagtangkilik sa malikhaing pagpapahayag sa ilalim ng temang "Ani ng Sining, Bayang Malikhain."




- **Stop Cyber Bullying Campaign** (Pebrero 29): Pagsusulong ng ligtas na paggamit ng internet sa pamamagitan ng pagbuwag sa diskriminasyon at stereotype.




- *Marso: Pagpapalakas ng Kababaihan at Gender Mainstreaming*
  - **Pagdiriwang ng Buwan ng Kababaihan** (Marso 2, 13, 25-27): Pagpapahalaga sa kontribusyon ng kababaihan sa loob ng kooperatiba.




  - **Gender Mainstreaming and Assessment Tools Seminar** (Marso 14): Pakikipagtulungan sa City Cooperative Development Office upang magbigay ng seminar sa 52 kalahok




mula sa iba't-ibang kooperatiba.

- *Mayo – Hunyo: Pagpapahalaga sa Magulang at Pagsuporta sa Iba't Ibang Kasarian*
  - **Paggunita sa Araw ng mga Ina** (Mayo 10): Pagtatanghal ng kakayahan sa pagluluto ng mga ina bilang pagkilala sa kanilang dedikasyon sa pamilya at trabaho.




  - **Pagdiriwang ng Pride Month** (Hunyo 4-26): pagsusulong ng inklusibidad, pagkakapantay-pantay, at pagtanggap sa lahat.




  - **Araw ng mga Ama** (Hunyo 14-25): Pagsasagawa ng bonding activity para sa ama at anak na may temang "Building Memories Together: Crafting Bonds Through DIY," pati na rin ang isang photo-sharing campaign.




- *Hulyo – Agosto: Pakikilahok sa Komunidad at Pagsuporta sa Kabataan*
  - **Gender Analysis and GAD Assessment Seminar** (Hulyo 9): Seminar na dinaluhan ng

(sundan sa pahina 16)

(mula sa pahina 15)

81 kalahok mula sa iba't ibang kooperatiba sa Bulacan.



- **International Youth Day** (Agosto 12): Pagkilala sa mga kabataang lider na may positibong ambag sa komunidad.




- **Adopt-A-School Program** (Agosto 13): Pamamahagi ng school supplies sa 487 na estudyante mula sa tatlong paaralan.




- **Gender Sensitivity Orientation para sa TODA** (Agosto 28): Pagsasanay sa 67 drayber ng traysikel tungkol sa gender awareness.



- ***Setyembre – Oktubre: Pagsusulong ng Adbokasiya at Kamalayan***
  - **Buwan ng Pag-iwas sa Pagpapakamatay** (Setyembre 10): Pagsasagawa ng mga kampanya para sa mental health awareness.




  - **Pagdiriwang ng Buwan ng Kooperatiba** (Oktubre 10): Pagtibay sa pangako ng SMTCDC sa gender fairness.




  - **International Girl Child Day** (Oktubre 11): Pagsusulong ng inklusibidad at pagpapatibay ng kakayahan ng mga kabataang babae.



  - **International Day for the Eradication of Poverty** (Oktubre 17): Paghihikayat ng maliliit ngunit makabuluhang hakbang upang labanan ang kahirapan.




(sundan sa pahina 17)

(mula sa pahina 16)

- **Nobyembre – Disyembre: Kampanya Laban sa Karahasan sa Kababaihan (VAW)**
  - **18-Day Campaign to End VAW** (Nobyembre 25 - Disyembre 12): Pakikiisa sa kampanya ng Philippine Commission on Women (PCW) na may temang "VAW Bigyang Wakas, Ngayon na ang Oras!"




Maliban pa rito, marami pang mga paalala ang inilalathala ng SMTCDC GAD sa kanyang opisyal na Facebook Page. Halos buwan-buwan ay maraming post upang isulong ang adbokasiya ng GAD ng St. Martin Coop.

Patuloy na naninindigan ang SMTCDC sa pagsusulong ng gender equality, inklusibidad, at panlipunang responsibilidad. Sa pamamagitan ng walang sawang pagsisikap sa edukasyon, adbokasiya, at pagpapabuti ng mga polisiya, nakamit ng kooperatiba ang malalaking tagumpay sa gender mainstreaming sa loob ng organisasyon at sa mas malawak na komunidad.

Sa mga susunod na taon, pinalalakas ng SMTCDC ang pangako nitong higit pang palawakin ang mga inisyatiba sa GAD at higit pang isama ang mga prinsipyo nito sa lahat ng aspeto ng pag-unlad ng kooperatiba.

Ang GAD Committee ay binubuo nina BOD Vice Chair Pinky Claudio bilang Chairman, COO Raymond M. Cardenas bilang Focal Person, CEO Serafin M. Celestino, Jr., BOD Member Ernesto U. Guillermo, Jr., BOD Member Atty. Soledad DV. Cabangis, mga kawaning sina Shierly L. delos Santos at Jeremiah John Jeffrey Lopez.

Ang opisyal na Facebook Page ng GAD ay https://web.facebook.com/SMTCDC.GAD.



# Policy on Delegation of Signing Authority, binago

ni Nenita Ignacio

Inamiyendahan ang Policy on Delegation of Signing Authority upang matiyak na ang lahat ng kaugnay na transaksyon ng kooperatiba ay dumaan sa tamang proseso ng pagsusuri at pag-apruba.

Ang Counter Teller ay hindi na pinapayagang magsagawa ng pagpapatunay ng pirma at mag-apruba ng mga transaksyon sa pag-withdraw ng anumang halaga.

Ang mga signature card ng Approving/Signing Officer ay kinakailangang ia-update bawat quarter imbes na isang beses lamang sa loob ng isang taon.

Binago rin ang delegasyon ng Paglagda/Pag-apruba ng Opisyal at sino mang tao na responsable sa pagsasagawa ng ilang mga transaksyon at gawain.

# 4K Program, ikinasa sa SJDM, Orani

Ni Eileen Ruth G. Reyes

Umabot sa 45 indibidwal mula sa apat na barangay ng dalawang lungsod sa Orani, Bataan at San Jose Del Monte City, Bulacan ang naging benepisyaryo ng programang "Kooperatiba Kabalikat sa Kalinisan ng Komunidad" o 4K Program ng St. Martin Coop mula Hulyo 30 hanggang Agosto 27, 2024.

Suportado ng mga Punong Barangay ng Tugatog (Orani, Bataan), Muzon East, Muzon West, at Muzon South (San Jose Del Monte City, Bulacan) ang programang ito ng St. Martin Coop na naka-sentro sa mga gawaing paglilinis sa mga kalsada, kanal, eskwelahan sa barangay at waste segregation. Nabiyayaan ng pansamantalang pagkakakitaan ang 45 indibidwal mula sa mga naturang barangay. Binigyan din sila ng Kooperatiba ng libreng accident insurance at uniporme.

# 2 trike patrol, handog ng STMCDC

Ni Eileen Ruth G. Reyes

Pormal na ipinagkaloob ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ang tig-isang trike patrol na gawa sa stainless at galvanized steel na mayroong bubong at detachable na upuan sa mga barangay Muzon Proper, San Jose Del Monte City at Sto. Cristo, Guimba, Nueva Ecija, ayon sa pagkakasunod noong ika-16 Oktubre, 2024 at ika-9 Disyembre, 2024

Malugod na ipinahayag nila Kap. Elizabeth Valerio ng Barangay Muzon Proper at Kap. Oscar Aganon ng Sto. Cristo ang kanilang taos-pusong pasasalamat sa St. Martin Coop.

Kaisa ang St. Martin Coop sa pagpapanatili ng kapayapaan at kaayusan ng ating komunidad kaya naman, hindi nag-atubiling handugan ng SMTCDC ng trike patrols ang dalawang barangay sa Guimba at San Jose Del Monte City.

# Koop Kababaihan Club, idinaos ang eleksyon

Ni Eileen Ruth G. Reyes

Inihalal ng Koop Kababaihan Club (KKC), eksklusibong samahan ng mga babaeng Kamay-ari ng St. Martin Coop noong Pebrero 24, 2024 sa St. Martin Coop Activity Center sa Bunlo, Bocaue, Bulacan.

Ang mga nahalal ay ang mga sumusunod:

President - Lea Nieto
Vice-President - Emily Felizardo
Secretary - Carolyn Joy Bejo
Asst. Secretary - Evelyn Mercado
Treasurer - Priscila Dela Cruz
Asst. Treasurer - Elizabeth Aurelio
Auditor - Reyneth Capulong.

Isinagawa rin sa araw na ito ang Seminar on Flower and Balloon Arrangement kung saan tinuruan ni TESDA Trainer Angelita Mungcal ang 32 Koop Kababaihan Club members kung paano gumawa ng dekorasyon gamit ang iba't-ibang uri ng bulaklak at lobo.

Sa pagsasanay na ito ay ipinamalas nila ang pagiging malikhain sa pagawa ng flower at balloon décor.

Napuno din ng saya ang loob ng St. Martin Coop Activity Center ng tawanan at kwentuhan ng mga kamay-ari na dumaan sa pagsasanay na ito.

# St. Martin Coop Cup inter-company BB League, idinaos




Pinanalunan ng Ciudad De Victoria (CDV) ang 1st St. Martin Coop Intercompany Basketball League na sinalihan ng 12 kompanya. Nag-uwi ang naturang koponan ng tropeyo, medalya at P30,000 bilang premyo sa kanilang pagkapanalo.

ni Mylene L. Benedicto

Ang St. Martin Coop ay nagsagawa ng kauna-unahang St. Martin Coop Cup, isang Intercompany Basketball League simula noong ika-18 ng Oktubre 2024.

Labindalawang (12) kompanya ang sumali sa naturang cup. Ang mga ito ay ang Racal Holdings Corporation, Bocaue Water District, Intercity Ricemill Owners And Traders Association Inc., RPDC Corporation, Bayanihan St. John Multipurpose Cooperative, Thirdy's General Merchandising Inc., CDV (Ciudad De Victoria), Intertool Precision Group Inc., HiGrade Feeds Corporation, Vitarich Corporation , Toyota Marilao, Barbatos Ventures Corporation. Ang mga ito ay mula sa Bocaue at sa mga kalapit bayan ang nagpaunlak sa imbitasyon ng St. Martin Coop.

Layunin ng basketball league na ito ang magkaroon ng camaraderie at pagkakaisa ang mga kompanya. Para na rin mabigyan ng pagkakataon ang St. Martin Coop at ang mga kompanya na magpakilala sa pamamagitan ng pagsuot nila ng uniporme na may nakalagay na pangalan ng kompanya nila.

Idinaos sa Gym Santos sa Wakas, Bocaue, Bulacan ang seremonya ng pagbubukas ng laro sa pangunguna ni CEO Serafin M. Selestino Jr. na nagbigay din ng paunang mensahe at pasasalamat sa pagpaunlak ng mga kompanya sa imbitasyon.

Nangyari ang championship noong ika-13 ng Disyembre 2024, matapos ang labing-anim (16) na araw na laro.

Ang CDV (Ciudad De Victoria) ang nagkamit ng tagumpay na nag-uwi ng tropeyo, medalya at P30,000 bilang premyo sa kanilang pagkapanalo.

Ang HiGrade Feeds Corporation, naman ang nagkamit ng ikalawang pwesto na nag-uwi ng tropeyo at P20,000.

Ang Thirdy's General Merchandising Inc., ang nasa ikatlong pwesto na nag-uwi rin ng tropeyo at P10,000, samantalang ang Toyota Marilao naman ang nasa ikaapat na pwesto na nag-uwi ng tropeyo at P5,000 pesos.

Malaki ang pasasalamat ng mga kalahok dahil sa imbitasyon ng St. Martin Coop. Matagumpay na nagtapos ang St. Martin Coop Cup, Intercompany Basketball League na ito.

# 'May Panalo sa Bayad Mo' Promo, inilunsad

Ni Almario Gloria




Inilunsad ng pamunuan, katuwang ang Collection Department ang isang promo na naglalayong handugan ng munting premyo ang mga natatanging kamayari na mahusay magbayad - ito ang May Panalo sa Bayad Mo Promo.


Tumakbo ang nasabing promo mula Abril 2024 hanggang Disyembre 2024.

Ginaganap ang electronic raffle o pagpili sa mga mananalo tuwing ika-15 ng buwan. Ang mapalad na kamay ari ay mananalo ng P500.00 at manggagaling sa bawat sangay ng kooperatiba.

Pinapaalam ang pagkapanalo sa pamamagitan ng pagtawag at social media ng kooperatiba.

# St. Martin Coop, inilunsad ang Members' Portal




ni Jeremiah John Jeffrey Lopez

Sa patuloy na pagsulong ng teknolohiya at pagpapabuti ng serbisyo, inilunsad ng St. Martin Coop ang kanilang pinakabagong proyekto – ang Members' Portal.

Ang online platform na ito ay idinisenyo upang magbigay ng mas madaling paraan para sa mga miyembro na maaccess ang kanilang mga account at impormasyon kaugnay ng kanilang pagiging bahagi ng kooperatiba.

Ang pangunahing layunin ng Members' Portal ay lumikha ng tuluy-tuloy na koneksyon at mas mapadali ang accessibility ng mga miyembro. Sa pamamagitan nito, maaaring ma-monitor ng mga miyembro ang mahahalagang detalye tulad ng Share Capital at Savings, Mortuary Fund Balance at Status, Membership Classification, Loan Details at Membership Status.

Sa bagong sistema, mas napapalapit ang mga miyembro sa kooperatiba habang natutulungan silang masubaybayan ang kanilang mga kontribusyon at benepisyo.

Para sa mga miyembrong nais subukan ang Members' Portal. Maaaring mag-log in sa opisyal na website ng St. Martin Coop upang ma-access ang portal at alamin ang mga kinakailangang hakbang para sa pagpaparehistro.

Ang url nito ay *https://stmartincoop.ph/members-e-portal.*

# Memo Hub, ipinakilala ng St. Martin Coop

Memohub

ni Jeremiah John Jeffrey Lopez

Matagumpay na ipinakilala ng St. Martin Coop ang kanyang bagong Memo Hub para sa mga kawani nito ngayong taong 2024.

Ang Memo Hub ay isang makabago at napapanahong digital na platform na idinisenyo upang gawing mas mabilis, efficient, at eco-friendly ang proseso ng pamamahala ng mga memorandum sa kooperatiba.

Sa pamamagitan ng sistemang ito, naitaas ang antas ng produktibidad ng mga kawani habang malaking bawas ang naging paggamit ng papel, na nakakatulong hindi lamang sa organisasyon kundi pati na rin sa kalikasan.

Bukod sa pagiging environmentally friendly, nagbibigay din ang Memo Hub ng mas maayos na daloy ng impormasyon sa pagitan ng mga kawani at pamunuan. Ang proyektong ito ay bahagi ng kanyang dedikasyon sa pagpapabuti ng mga proseso at pagtugon sa pangangailangan ng kanilang mga empleyado.

Ang Memo Hub ay isang patunay ng patuloy na innovation at pagsusumikap ng St. Martin Coop na lumikha ng mas maayos, efficient, at responsableng sistema para sa kooperatiba.

Samantala, bilang bahagi ng pagsusumikap ng St. Martin Coop na mapabuti at mapabilis ang kanyang mga operasyon, inilunsad ang iba't ibang uri ng system-generated reports para sa mga departamento.

Layunin ng proyektong ito na gawing mas mabilis, maayos, at epektibo ang mga proseso sa loob ng kooperatiba upang mas mahusay na maihatid ang serbisyo sa kanyang mga miyembro. Ang bagong sistema ay naglalayong tugunan ang pangangailangan ng modernisasyon, na nagdudulot ng mas mataas na produktibidad at mas maginhawang transaksyon para sa lahat.

Sa pamamagitan ng makabagong teknolohiyang ito, umaasa ang St. Martin Coop na mas mapalapit sa kanyang layuning magbigay ng maaasahang serbisyo para sa mga kamay-ari nito.

St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative

ELEKOOP

# Online Voting System, isinakatuparan

ni Jeremiah John Jeffrey Lopez

Sa patuloy na pagsusumikap ng St. Martin Coop na mapaunlad ang kanyang mga serbisyo para sa kanyang mga kamay-ari, isinakatuparan ang isang makabagong sistema ng pagboto - ang Elekoop, isang online voting system na naglalayong gawing mas mabilis, mas madali, at mas episyente ang proseso ng halalan sa kooperatiba.

Noong 2024, sinimulan ang pagbuo ng Elekoop bilang tugon sa pangangailangan ng mas modernong paraan ng pagboto. Sa tradisyunal na sistema, kinakailangang personal na pumunta ang mga miyembro sa botohan, na maaaring maging hamon sa iba, lalo na sa mga nasa malalayong lugar.

Sa pamamagitan ng Elekoop, nabigyan sila ng mas accessible na option - isang ligtas at madaling gamiting online platform kung saan maaari nilang ipahayag ang kanilang boto kahit nasaan sila.

Bukod sa kaginhawahan, malaking benepisyo rin ang real-time na pagproseso ng boto at mas mabilis na paglalabas ng resulta.

Sa 2025, ganap nang ginamit ng mga kamay-ari ng St. Martin Coop ang Elekoop, na naging isang malaking hakbang patungo sa digitalisasyon ng kanilang proseso. Naging matagumpay ang implementasyon nito, at positibo ang naging tugon ng mga miyembro dahil sa ginhawa at seguridad na hatid ng sistema.

Ang Elekoop ay patunay na sa tulong ng makabagong teknolohiya, maaaring mapabuti ang tradisyunal na proseso at mas maisulong ang isang mas inclusive, mabilis, at efficient na paraan ng pagboto para sa lahat ng kasapi sa St. Martin Coop.

# SMTCDC BOD, nagsagawa ng Outreach Program sa kabataan ng Bagumbayan





ni Regine Lor

Ang mga miyembro ng Board of Directors, kasama ang Senior Management ng SMTCDC, ay nagsagawa ng isang Outreach Program para sa mga kabataan ng Barangay Bagumbayan sa Bocaue, Bulacan.

Tatlumpu't-isa (31) na mga bata ang dumalo sa nasabing programa, na may edad apat (4) hanggang labindalawang (12) taong gulang, tatlo (3) naman sa kanila ay may edad na labing walong (18) taong gulang na may espesyal na pangangailangan ng atensyon.

Kasa-kasama din ng bawat isang bata ang kanilang mga mga magulang.

Ginanap ang nasabing programa sa Jollibee Lolomboy sa Bocaue, Bulacan noong umaga ng ika-6 ng Disyembre 2024.

Dito ay namahagi sila ng kasiyahan, pagkain, regalo at perang inihandog na nagkakahalaga ng tatlong daang (P300) piso sa bawat batang nakadalo.

Ang bawat miyembro ng BOD ay iniambag ang kanilang isang per diem upang matustusan ang naturang programa.

Taon-taon ay nagsasagawa ang mga BOD ng ganitong outreach program bilang kanilang pagbabahagi sa lipunan. Noong 2023 ay mga senior citizen naman ang kanilang binigyan ng panahon na ginanap sa McDonald's Bocaue.

## Polisiya sa CERA, binago

ni Rowena Celestino

Ipinatupad ang ilang pagbabago sa Credit Evaluation Recommendation Approval (CERA) na nauukol sa nangungupahang kasapi at kasaping naninirahan na sa lugar na hindi saklaw ng operasyon ng St. Martin Coop.

Para sa umuupang kasapi ay ibinaba sa isang taong paninirahan mula sa dalawang taong paninirahan ang tagal ng kanilang pangungupahan.

Gayundin, pinayagan na ring makapangutang ang mga kasaping mayroong maganda o maayos na record ng pagbabayad o Good Payer na sa ngayon ay naninirahan na sa lugar na hindi saklaw ng operasyon ng St. Martin Coop..

Epektibong ipinatupad ito noong Hunyo 27, 2024.

## SMTCDC, nagsagawa ng Tree Planting Activity

Ni Regine Lor

Sa pakikipagtulungan ng mga kinatawan mula sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) at Briquettors Association of the Philippines Inc., na mula sa bayan ng Norzagaray, Bulacan, nagsagawa ang St. Martin of Tours Cooperative (SMTCDC) ng isang Tree Planting Activity noong ika-19 ng Oktubre, 2024.

Ang mga nag-boluntaryo mula sa DENR, Briquettors Association of the Philippines Inc., at ng SMTCDC ay nagtanim ng isang daang (100) piraso ng Cacao Seedlings at isang daang (100) piraso ng Narra Seedlings sa bundok ng Sitio Suha, San Mateo, Norzagaray, Bulacan. Karatig lamang nito ang “Bitbit River” na kilalang puntahan ng mga turista tuwing sasapit ang panahon ng tag-init.

Layunin ng Tree Planting Activity na ito ang pangalagaan at maparami pa ang mga puno sa kabundukan upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagguho ng lupa, baha, maduming hangin, pagkaubos ng mga tirahan ng hayop sa bundok at pabago-bago na klima.

Ito ay isinasagawa ng SMTCDC taun-taon. At ngayon ay sinusubukan ng kooperatiba na sa kanilang pagbalik sa kabundukan, na kanilang pinagtaniman ay mayroon ng punong nabubuhay at nakakatulong na ito sa kabundukan ng Norzagaray.





Ilang mga kawani ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative ay nakiisa sa Tree Planting Activity sa Norzagaray, Bulacan, sa pakikipagtulungan ng Department of Environment and Natural Resources noong Oktrubre 19, 2024.





Ipinakilala ni COO Raymond M. Cardenas ang St. Martin Credit and Development Cooperative sa kanyang talumpati sa Guimba West Central School sa Guimba, Nueva Ecija noong nagsagawa ng Adopt a School Program sa naturang paaralan. Kasama naman si CEO Serafin M. Celestino, Jr. at iba pang kawani ng SMTCDC sa St. Martha Elementary School sa Batia, Bocaue, Bulacan sa parehong gawain.

## 'Adopt-a-School Program', isinagawa

ni Joemar G. Nicolas

Ang St. Martin Coop ay bumuo ng Adopt-A-School Program upang makatulong sa nasasakupang komunidad.

Nagbigay ng mga mahahalagang gamit pang-eskwela sa mga mag-aaral ng ilang mga paaralan. Ito ay tinawag na Adopt-A-School Program upang maunawaan o maramdaman ng mga kabataan na hindi sila nag-iisa at may mga taong handang tumulong para sa kanilang kinabukasan.

Noong Hulyo 23, 2024, 272 na mag-aaral sa St. Martha Elementary School sa Batia, Bocaue, Bulacan ang tumanggap ng mga bag na naglalaman ng mga kuwaderno, krayola, lapis, at iba pang mga kinakailangang gamit.

Ganito rin ang nangyari sa Guimba West Central School noong Hulyo 29, 2024, kung saan 136 na mag-aaral ang nakatanggap ng mga gamit.

Kasunod nito ang Bunlo Elementary School noong Agosto 7, 2024, na nakinabang ang 79 mag-aaral.

Inaasahang nakatulong ang Adopt-a-School Program upang mapagtagumpayan ng mga kabataang ito ang kanilang pag-aaral upang sa hinaharap ay magkaroon sila ng magandang kinabukasan.

Ang St. Martin Coop ay patuloy na sumusuporta sa mga ganitong uri ng proyekto para sa komunidad at kinabukasan ng mga mamamayan.

Kasama sa pag-uulat ni CEO Serafin Celestino, Jr. ang gawaing ito sa 2024 Joint BOD and Management Report sa ilalim ng Education, Training, and Seminar for Community ng SMTCDC.